# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 50*
# *Mga Pamantayan at Susi para sa Tagumpay*

***"1 At ibinaba si Jose sa Egipto; at binili siya ni Potiphar, puno ni Faraon, na kapitan ng bantay, na lalaking taga Egipto, sa kamay ng mga Ismaelita na nagdala sa kaniya roon. 2 At ang Panginoon ay suma kay Jose, at naging lalaking mapalad; at siya'y nasa bahay ng kaniyang panginoong taga Egipto. 3 At nakita ng kaniyang panginoon, na ang Panginoon ay sumasakaniya, at ang lahat ng kaniyang ginagawa ay pinagpapala ng Panginoon sa kaniyang kamay. 4 At nakasumpong si Jose ng biyaya sa kaniyang paningin, at pinaglingkuran niya siya: at sa kaniya'y ipinamahala niya ang bahay, at ang lahat niyang tinatangkilik ay isinakaniyang kamay. 5 At nangyari, na mula sa panahon na siya'y pamahalain sa kaniyang bahay, at sa lahat ng kaniyang tinatangkilik, ay pinagpala ng Panginoon ang bahay ng taga Egiptong yaon dahil kay Jose; at ang pagpapala ng Panginoon ay sumalahat ng kaniyang tinatangkilik, sa bahay at sa parang. 6 At kaniyang ipinamahala ang lahat niyang tinatangkilik sa kamay ni Jose; at hindi siya nakikialam ng anomang kaniya, liban sa tinapay na kaniyang kinakain. At si Jose ay may magandang pagmumukha at kahalihalina. 7 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na tinitigan si Jose ng asawa ng kaniyang panginoon at sinabi, Sipingan mo ako. 8 Datapuwa't siya'y tumanggi at sinabi niya sa asawa ng kaniyang panginoon, Narito, ang aking panginoon ay hindi nakikialam sa akin tungkol sa nasa bahay, at lahat ng kaniyang tinatangkilik ay ipinamahala sa aking kamay; 9 Walang sinomang dakila kay sa akin sa bahay na ito; walang ipinagkait sa aking anomang bagay, kung di ikaw lamang, sapagka't ikaw ay kaniyang asawa: paano ngang aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios? 10 At nangyari, na nakikiusap man siya kay Jose araw-araw, ay hindi nakikinig sa kaniya na siya'y sipingan, o pakisamahan. 11 At nangyari nang panahong ito, na siya'y pumasok sa bahay upang gawin niya ang kaniyang gawain at wala sinoman sa mga tao sa bahay doon sa loob. 12 At siya'y pinigilan niya sa kaniyang suot, na sinasabi, Sipingan mo ako: at iniwan niya ang kaniyang suot sa kamay niya at tumakas, at lumabas. 13 At nangyari, na pagkakita niyang iniwan ang kaniyang suot sa kamay niya, at tumakas sa labas. 14 Na siya'y tumawag ng mga tao sa kaniyang bahay, at sinalita sa kanila, na sinasabi, Tingnan ninyo, na dinalhan niya tayo ng isang Hebreo, upang tayo'y tuyain; pinasok niya ako upang ako'y sipingan, at ako'y naghihiyaw ng malakas: 15 At nangyari nang marinig niyang ako'y nagtaas ng tinig at naghihiyaw, na iniwan ang kaniyang suot sa aking siping, at tumakas, at lumabas. 16 At kaniyang iningatan ang suot niya sa kaniyang siping, hanggang sa umuwi ang kaniyang panginoon sa kaniyang bahay. 17 At sinalita niya sa kaniya ng ayon sa mga salitang ito, na sinasabi, Pinasok ako ng aliping Hebreo na iyong dinala sa atin, upang tuyain ako: 18 At nangyari, na sapagka't nagtaas ako ng aking tinig at ako'y naghihiyaw, ay kaniyang iniwan ang suot niya sa aking siping, at tumakas sa labas. 19 At nangyari, na pagkarinig ng kaniyang panginoon ng mga salita na sinalita sa kaniya ng kaniyang asawa, na sinasabi, Ganitong paraan ang ginawa sa akin ng iyong alipin; ay nagalab ang kaniyang galit. 20 At dinala ng kaniyang panginoon si Jose, at inilagay sa bilangguan, sa dakong pinagkukulungan ng mga bilanggo ng hari: at siya'y natira roon sa bilangguan. 21 Datapuwa't ang Panginoon ay suma kay Jose, at iginawad sa kaniya ang awa, at pinagkalooban ng biyaya sa paningin ng katiwala sa bilangguan. 22 At ipinamahala ng katiwala sa bilangguan sa mga kamay ni Jose ang lahat na mga bilanggo na nasa bilangguan; at ang lahat ng ginagawa roon ay siya ang gumagawa. 23 Hindi tinitingnan ng katiwala ng bilangguan ang anomang bagay na nasa kaniyang kamay, sapagka't ang Panginoo'y suma kay Jose; at ang kaniyang ginagawa ay pinagpapala ng Panginoon." (Genesis 39:1-23 KJV)***

Kapag binasa natin ang ***Genesis 39*** at ipagpatuloy na basahin ang susunod na mga kabanata ng ***Genesis 40-45,*** makikita nating malinaw na ang Dios ay sumasa kay Jose at pinagpala siya, sapagkat ang Dios ay binigyan siya ng tagumpay sa anumang Kanyang ginawa. Ngunit tiyak din na ang Dios ay hindi sumasa kay Jose at binigyan siya ng tagumpay maliban kung mayroong mabubuting katangian kay Jose na tumutugon sa biyaya at pagibig ng Dios.

Gaya ng batid mo ang karanasan sa likod at kasaysayan ni Jose, na siya ay ipinagkulo ng kanyang mga kapatid na nanibugho sa kanya at namuhi sa kanya. Itinapon nila siya sa isang balon at sinubukan nilang patayin siya. Ngunit kalauna'y inilabas niya sila at ipinagbili nila siya sa mga Ismaelita na kumuha sa kanya at ipinagbili siyang muli kay Potipar. Mula sa binasa natin sa ***Genesis 39*** mapagtatanto natin ang mabubuting katangian at pamantayan na nakatulong kay Jose upang maging matagumpay na tao.

***1. Pagpapatawad:*** Si Jose ay hindi nagdala ng kapaitan at galit at nagtanim ng sakit ng loob sa kanyang puso patungo sa mga nanakit sa kanya. Hindi niya pinagtuunan ng pansin ang mga taong nanakit sa kanya at hindi niya inilagay sa kanyang puso at isipan ang paghihiganti at pagbayaran ang mga gumawa ng masama laban sa kanya. Ang kanyang pagpapatawad sa kanila ay nagbukas ng kanyang mga mata upang makita kung ano ang mga magagandang bagay na inihanda ng Dios para sa kanya na gawin. Ang pagpapatawad patungo sa mga nanakit sa atin ay magpapagaling sa ating sugat at ipagkakaloob sa atin ang pagpagsulong upang makamit ang nais ng Dios mula sa atin na kamitin. Suriin ang iyong sarili kung mayroon ka noon?

***2. Magpakumbaba:*** Si Jose ay kusang loob na magsimulang muli sa kanyang buhay bilang isang alipin, bilang isang manggagawa at kasambahay sa isang bahay. Si Jose bilang ipinakumbaba niya ang kanyang sarili sa kamay ng Dios itinaas siya ng Panginoon, sa gayon siya'y naging tagapamahala at kalaunana'y inilagay siya sa pangangasiwa ng sangbahayan ni Potipar at sa lahat ng kanyang pag aari. Marami ang hindi handang magsimula mula sa mababang posisyon o mababang kita, ngunit sa ganoong paraan nakakaligtaan nila ang tulong ng Dios at ang Kanyang biyaya para sa kanila. Kahit na mahusay na naitinatag si Jose sa bahay ni Potipar ipinagkanulo siya ng asawa ni Potipar at sinira nito ang lahat ng kanyang itinatag. Ngunit kahit na siya'y ipinabilanggo ay hindi pa rin siya sumuko kundi nagsimula siya sa umpisa. Maging katulad ni Jose na handang magsimula mula sa umpisa.

***3. Handang mapahiya:*** Si Jose ay ipinahiya ng kanyang sariling mga kapatid nang siya ay itinapon sa balon. Ipinahiya din siya nang ginamit siya ng kanyang mga kapatid upang magkapera. Ipinahiya din siya nang ipinagbili siya ng mga Ismaelita bilang alipin kay Potipar. Ipinahiya siya ng inakusahan siya ng masama ng asawa ni Potipar at ipinahiya siya nang itinapon siya sa bilanguan at nanatili

doon ng mahabang panahon. Ang gayong uri ng pagpapahiya ay maaari nating pagdaanan at ipapahintulot ng Panginoon na mangyari iyon. Nais ng Dios na huwag nating pagtuunan ng pansin ang sakit na ating natatanggap kundi biyaya Niya na maaaring magtaguyod at umalalay sa atin sa mga araw ng kaguluhan at sa panahon ng pangangailangan. Maraming dumadaan sa nakakahiyang kalagayan hindi nila matanggap iyon at para sa kanila ay hindi dapat mangyari ang ganoong mga bagay. Sa halip na tanggapin iyon bilang normal sila'y nagagalit at nagdadalamhati, at inaalis ang kanilang sarili at naging hindi handang isaayos at pahintulutan ang Dios na pagalingin ang kanilang mga sugat. Ang mga taong ayaw mapahiya ay maririnig mo mula sa kanila ang mga ganitong pagpapahayag.

*'Hindi ko alam kong makakaya kong magpatawad!'*
*'Hindi ko makakalimutan kung anong nangyari!'*
*'Paano nila nasabi iyon ___________ o paano nila nagawa iyon?'*
*'Hindi ko maisip kong gagaling ako!'*

Kung ikaw ay kabilang sa ganyang mga tao at magpahayag gaya ng kanilang pagpapahayag ang iyong pagpapagaling ay maantala at ang iyong pagsulong sa buhay ay malayo mula sa iyo. Maging katulad ni Jose, kalimutan ang nangyari at huwag tingnan ang iyong sugat kundi tingnan mo ang tagapagpagaling na ating Dios at umasa ka sa bagong daan at landas na pinatayo ng Panginoon para sa iyo, ang daan ng tagumpay at asahan mo ang iyong kasaganaan na naghihintay sa iyo.

***4. Tapat at masunurin sa kanyang panginoon.*** Sa kabutihan at pamantayan, sa pagiging anak ni Jacob at isang mananampalataya at sumasamba sa Dios si Jose ay mas mataas kaysa kay Potifar at mas mataas pa sa bantay ng bilangguan. Ngunit nang siya ay inilagay sa ilalim nila ay handa siyang makinig at sumunod sa kanilang mga tagubilin. ***"13 Ang bawa't kaluluwa ay pasakop sa matataas na kapangyarihan: sapagka't walang kapangyarihan na hindi mula sa Dios; at ang mga kapangyarihang yao'y hinirang ng Dios." (Roma 13:1 KJV)*** Ang pakikipagtalo at pakikipag away sa iyong amo ay hindi makakapaglingkod sa iyo at makakatulong sa iyo. Ito ay mas magiging mahirap sa iyong buhay. Kung iyong amo ay masama at hindi maunawain ang pinakamabuting bagay na gagawin mo sa kanya ay manatiling kalmado at tahimik at patuloy na gawin ang iyong trabaho sa isang maayos na paraan at ipanalangin siya gaya ng ipinayo ni Jesus sa atin, ***"28 Pagpalain ninyo ang sa inyo'y sumusumpa at ipanalangin ninyo ang sa inyo'y lumalait." (Lucas 6:28 KJV)***

***5. Kasipagan:*** Hindi ipagkakaloob ng Dios kay Jose ang katagumpayan kung hindi siya ay masipag na manggagawa at aktibo sa paggawa ng lahat ng kanyang mga tungkulin at pananagutan. Hindi pagpapalain ng Dios ang mga taong tamad ng may tagumpay. Kailangan mong maging masipag at aktibo sa iyong trabaho, at pagpapalain ng Dios ang gawa ng iyong mga kamay. Si Jose ay hindi magiging matagumpay maliban na siya ay maagap at nag ukol ng oras at sa mga pakikipagkita. Maging katulad ni Jose bilang isang tao na nalalaman nang mabuti ang kanyang trabaho at ang kailangan niyang gawin.

Ang Salita ng Dios ay nagtuturo sa atin ng landas kung paano ipamuhay ang ating buhay sa isang matagumpay na paraan. May mga utos ang Salita ng Dios na nagpapahayag at nagdidikta sa atin na kailangan nating pakinggan at sundin sa ating buhay upang ang Kanyang biyaya ay magkaroon ng buong bunga nito at epekto sa ating buhay. Mula sa totoong salaysay ni Jose matutunan natin ang higit pang kahalagahan ng espirituwal na katotohanan at katunayan, at sa pagsasagawa ng mga ito makikita natin ang ating sarili na masagana at matagumpay.

***6. Katapatan at pamumuhay sa pagkatakot sa Dios.*** Si Jose ay tapat sa Dios sa pag iingat ng mga utos ng Dios na buhay at totoo sa Kanyang buhay. Ipinakita Niya ang kanyang pag uugaling may pananagutan upang mapanatili ang kanyang karangalan bilang pagkakakilanlan bilang isang Hebreo na tao na pag aari ng Dios sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kanyang sarili na dalisay, pagtanggi na magkasala laban sa Dios. ***"11 At ang salita mo'y aking iningatan sa aking puso: upang huwag akong magkasala laban sa iyo." (Awit 119:11 KJV)*** Gayundin ipinakita niya ang kanyang katapatan sa Dios sa pagtatrabaho ng masigasig at sa isang responsableng paraan sa kanyang mga takdang gawain sa bahay at sa parang. Siya'y mapagkakatiwalaang tao, batid niya ang kanyang mga pananagutan at ginagawa niya ang mga ito. Ipinakita niya na siya ay responsable at maasahang tao gaya ng sinabi ng Salita ng Dios, ***"22 Mga alipin, magsitalima kayo sa lahat ng mga bagay sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon: hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa katapatan ng puso, na mangatakot sa Panginoon: 23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo. 25 Sapagka't ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at walang itinatanging mga tao." (Colosas 3:22-25 KJV)*** Gawin mo ang kapareho sa iyong buhay; na matakot sa Dios at tumangging gumawa ng masama, at maging tapat sa iyong trabaho sa pamamagitan ng pagiging disiplinado, maagap, epektibo at mabunga sa iyong paglilingkod.

***7. Pagtitiwala sa Dios:*** Si Jose ay nagtiwala sa Panginoon at sa Kanyang Salita. Ipinakita niya iyon sa pamamagitan ng kanyang kahandaan na patuloy na gawin ang tama at sumunod sa Salita ng Dios at mga utos kahit na ang mga bagay ay naging mali o sa kabaligtaran na direksyon. Gawin mo rin ang katulad sa panahon ng mga pagsubok at pagpapakasakit. Magtiwala sa Dios at magpatuloy sa buhay sa buong pagsunod sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga landas. Kapag ang mga bagay ay hindi naging tama patuloy na manalangin at manangis sa Dios, magtiwala sa Kanya na Siya ang gagawa ng isang bagay na mabuti sa iyo upang itaas ka ng Kanyang biyaya.

***8. Kakayahan na umangkop:*** Si Jose ay dinala mula sa Hebreong pamilya at dinala sa Egipto upang manirahan sa bahay ng isang Egipto. Maraming bagay na iba't ibang bagay na hinarap ni Jose sa kanyang bagong kapaligiran tulad ng pagkakaiba ng wika, pananamit, uri ng pagkain, at iba pang pagkakaiba sa kultura at gawi. Nagawang kupkupin ni Jose ang pagkakaiba ngunit pagdating sa mga pagkakasala

hindi inaangkop ni Jose ang kanyang sarili sa mga paraan ng pamumuhay ng mga tao sa pagkakasala. Ang kakayahan na umangkop sa bagong kultura at kapaligiran na dinala ka ng Dios ay ang susi para sa tagumpay. Ngunit maging may kamalayan huwag mong hayaan magkasala ka gaya ng pagkakasala ng mga nasa sanglibutan at namumuhay malayo sa Dios.

***9. Maging mabuting tagapamahala:*** Si Jose ay mabuting tagapamahala sa kung anong pinagkatiwala sa kanya. Upang maging mabuting tagapangasiwa siya'y taong may karunugan. Batid niya kung paanong pamahalaan ang mga tao at batid kung paanong magsalita sa bawat isang tao. Si Jose, kahit na siya'y nagsalita nang maayos sa babae na patuloy na tinutukso siya na sundan siya sa kama at magkasala laban sa Dios. Sinabi Niya sa kanya ang matalinong Salitang ito, ***"… Narito, ang aking panginoon ay hindi nakikialam sa akin tungkol sa nasa bahay, at lahat ng kaniyang tinatangkilik ay ipinamahala sa aking kamay; 9 Walang sinomang dakila kay sa akin sa bahay na ito; walang ipinagkait sa aking anomang bagay, kung di ikaw lamang, sapagka't ikaw ay kaniyang asawa: paano ngang aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios?" (Genesis 39:8-9 KJV)*** Sinalita Niya ang katotohanan sa pagibig sa kanya; ipinangaral niya sa kanya ang evangelio sa pagpapakita sa kanya ng kasalanan ng malinaw at itinuwid siya na sumunod sa Dios. Kailangan mong maging matalino kung paanong salitain at ihayag ang evangelio sa bawat itao na inilagay sa iyong pangangalaga.

Sa pagiging isang katiwala, kabilang sa ilalim ng pangangasiwa sa pananalapi kay Jose, at tiyak na maayos na pinangasiwaan ni Jose ang pananalapi. Isa sa mahalagang aspeto ng buhay ng isang tao ay ang pananalapi, at para malaman kung paanong pangasiwaan ang pananalapi ay isang susi para sa tagumpay. Hindi ito nangangailangan sa iyo ng maraming pera para sa tagumpay kundi sa halip karunungan kung paanong pangasiwaan kung anong mayroon ka.

***10. Kahusayan:*** Ginamit ni Jose ang lahat ng kanyang kahusayan na pamahalaan ang trabaho sa bahay at sa parang. Kaya bilang siya ay matagumpay sa gayon, siya ay inilagay sa pamamahala sa lahat ng bagay sa bahay at sa parang. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin na ang kanyang panginoon ***"6 At kaniyang ipinamahala ang lahat niyang tinatangkilik sa kamay ni Jose; at hindi siya nakikialam ng anomang kaniya, liban sa tinapay na kaniyang kinakain….." (Genesis 39:6 KJV)*** Ang kahusayan ay kinakailangang malampasan ang mahirap na kalagayan at magdala ng tagumpay. ***"10 Kung ang bakal ay pumurol, at hindi ihasa ninoman ang talim, marapat nga niyang gamitan ng lalong kalakasan: nguni't ang karunungan ay pinakikinabangang magturo." (Mangangaral 10:10 KJV)*** Ang katulad sa iyo kung nais mong maging matagumpay kung gayon maging masipag at mula sa oras na ito simulan na gamitin ang lahat ng mga kasanayan na ipinagkatiwala ng Dios sa iyong kamay. Ilagay sa iyong isipan na ang Dios ay may magagandang plano para sa iyo, mga plano upang mapaunlad ka at hindi upang makapinsala sa iyo, mga plano upang bigyan ka ng pag asa at isang hinaharap. Kaya't sumunod sa Salita ng Dios at isagawa kung anong sinasabi at ikaw ay magiging masagana at matagumpay.

***11. Paninindigan laban sa mga tukso:*** Isa sa mahahalagang punto na kasama ng tagumpay ay ang paraan ng mataas na disiplina. Si Jose ay may mataas na disiplina at batid ang kanyang mga pananagutan ng mabuti at pinanatili niya ang kanyang pangako patungo sa Dios, patungo sa kanyang amo at patungo sa mga tao at sa lipunan na inilagay sa kanya ng Dios.

Kailangan nating itanong kung ano ang mga tukso na kinaharap at nagawa ni Jose na pigilan at madaig ang sarili?

***A. Sekwal na imoralidad:*** Si Jose ay nalantad sa gayon sa pamamagitan sa pagtukso ng asawa ng kanyang amo, ***"…At si Jose ay may magandang pagmumukha at kahalihalina. 7 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na tinitigan si Jose ng asawa ng kaniyang panginoon at sinabi, Sipingan mo ako. 8 Datapuwa't siya'y tumanggi at sinabi niya sa asawa ng kaniyang panginoon, Narito, ang aking panginoon ay hindi nakikialam sa akin tungkol sa nasa bahay, at lahat ng kaniyang tinatangkilik ay ipinamahala sa aking kamay; (Genesis 39:6-8 KJV)*** Si Jose ay magandang lalaki at maayos sa pangangatawan ngunit batid niya na kung pinagpala siya ng Dios sa gayon, hindi niya dapat gamitin iyon sa maling paraan. Ang sekswal na imoralidad ay isa sa karaniwan at mapanganib na mga tukso na nalalantad ang mga kalalakihan at kababaihan. Ang tanong ay kung paanong iyon ay mapapagtagumpayan? Dapat kang magkaroon ng malinaw na kaisipan; Ang plano ng Dios sa iyo na isang araw ikaw ay magkakaroon ng isang pamilya. Ibibigay sa iyo ng Dios ang tamang kabiyak kapag ikaw ay handa na at maayos na ihahanda para sa pag aasawa. Yaong inihanda ang kanilang pag iisp sa gayong paraan ay hindi mahihirapan na labanan ang mga tukso. Ang takot sa Dios ay magbibigay ng karunungan at pang-unawa sa iyong buhay na malalaman mo na ang pakikipagsiping sa labas ng kasal ay mabisang kasangkapan para sirain ang iyong buhay. Ang pakikipagtalik ay isang pananagutang aspeto na ibinigay ng Dios para sa pagpaparami. At ang pagpaparami ay magiging posible lamang kapag ang kapaligiran ay handa para doon. Kapag ang lalaki ay handa na sa espirituwal at maayos na ininhanda sa materyal, Ilalaan ng Dios ang tamang kabiyak at siya'y magkakaroon ng isang pamilya. Sinasabi ng Bibliya sa atin ang sumusunod: ***"7 Ikaw ay magpahinga sa PANGINOON, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya: huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad, dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga masamang katha." (Awit 37:7 KJV)*** Marami ang nakikipagtagpo at nakikipagligawan dahil sila'y hindi natatakot sa Dios at sila'y hindi naghihintay sa sakdal na panahon. Ngunit sila'y nahuhulog sa kasalanan at dadalhin nila ang mga bunga ng kanilang mga kasalanan. Huwag manibugho sa mga taong gumagawa ng gayon. Pati na rin walang kasiyahan sa naturang paraan ng pamumuhay, siguradong magbabayad sila ng malaking halaga sa kanilang mga kasalanan. Maghintay sa Dios at magtiyaga, Siya ay may magandang plano para sa inyo; Inihahanda ka Niya at pagpapalain ka Niya ng isang buhay pamilya.

Ano ang ginawa ni Jose upang mapagtagumpayan ang tuksong iyon?

*Una:* Tumanggi siya na mapasa babae. Kailangan mong ihanda ang iyong isipan para sa pagkilos, na tumanggi at sabihing 'Hindi' sa gayong mga bagay.

*Pangalawa:* Tumanggi siyang mapasa kanya o mapalapit sa kanya. Hindi sapat na sabihin hindi, kundi kailangan mong umalis. Dahil ang pakikipaglagayang loob ay nakapagpababa ng pagpipigil sa sarili, sa katunayan ay pagpapalagayang loob ay isang pagpapahiwatig ng pagpapababa ng pagpipigil sa sarili.

*Pangatlo:* Siya ay masipag sa pagdalo sa kanyang mga pananagutan: Isang paraan para madaig ang tukso ay ang makibahagi at masangkot sa paggawa ng iyong mga responsibilidad. Matakot sa Dios, magpasakop nang lubusan sa Kanya at ang diablo lalayo sa iyo. ***"7 Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa't magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo." (Snatiago 4:7 KJV)***

*Pang apat:* Baguhin ang kapaligiran at maging malayo mula sa ibang kasarian: Hanggang makakaya mo at mamuhay kasama ng makaDios na mga tao. Makisama sa iyong kasarian, lalaki sa lalaki, at babae sa mga babae upang maiwasan ang mga tukso. Iwasan ang panonood ng pelikula at ang mga programa sa TV at YOU tube na mag aapoy sa iyong damdamin at emosyon sa opposite sex. Laging mapasa iyong Biblia at makinig sa Dios at sumunod sa Kanya.

***B. Salapi:*** Bilang si Joseph ang nangangasiwa sa bahay at parang kung gayon tiyak na may pag uusap sa salapi na kumakalat sa kanyang pangangalaga. At hindi naiulat na nagnakaw siya ng pera. Isa sa mahalagang aspeto at susi para sa tagumpay ay iyong katapatan patungkol sa salapi ng iba na inilagay sa ilalim ng iyong pangangalaga. Huwag matukso na magnakaw o gamitin ang ilan sa mga ito para sa iyong personal kapakinabangan, na ang salapi ay hindi para sa iyo, ito ay inilagay lamang sa ilalim ng iyong pangangalaga upang pamahalaan ito ng maayos. Kailangan mong ituon ang iyong mga mata kay Jesus na nagbigay sa iyo ng lahat ng iyong kailangan at bigyan ka ng pagkain sa tamang panahon. Huwag kang tumingin sa mga tao o ilagay ang iyong mga mata sa kanilang pera na hindi makakatulong sa iyo. Magtiwala sa Dios, magsikap at maging masipag at ang Dios ang maglalaan para sa iyo. Pati na rin ang isang mabuting katiwala para sa pera kailangan mong mag ikapu ang iyong kita at ibigay sa Dios ang iyong unang bunga at ang iyong mga handog. Kumilos nang tapat at panatilihin ang magandang talaan kung ang iyong trabaho ay nagsasangkot ng mga transaksyon sa pera.

***C. Pang aabuso sa kapangyarihan:*** Bilang si Jose ay namamahala kung gayon iba't ibang tao ay mapapasa kanyang kapangyarihan. Hindi nabanggit na ginamit ni Jose ang kanyang kapangyarihan upang mag abuso at manamantala sa mga nasa ilalim ng kanyang pangangalaga. Sinasabi ng Salita ng Dios sa atin ang sumusunod: ***"9 At kayong mga panginoon, gayon din ang inyong gawin sa kanila, at iwan ninyo ang mga pagbabala: yamang napagaalaman na ang Panginoon nila at ninyo ay nasa langit, at sa kaniya'y walang itinatanging tao." (Epeso 6:9 KJV)*** Gawin ang katulad, habang itinataas ka ng Dios huwag matuksong abusuhin at pagsamantalahan ang mga nasa ilalim ng iyong pamamahala. ***"8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: 9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan." (1 Pedro 5:8-9 KJV)***

**Sa aking mahal at minamahal:** Ating balikan ngayon ang pamantayan na ating pinalawak ngayon mula sa ***Genesis 39*** at suriin natin ang ating sarili kung anong kakulangan nsa atin mula sa pamantayan.

Hilingin natin ngayon sa Dios na harapin tayo upang ganapin sa atin ang kakulangan sa mga pamantayang ito:

1- ***Pagiging mapagpatawad na tao.***
2- ***Pagiging mapagpakumbaba:***
3- ***Handang mapahiya.***
4- ***Ang pagiging tapat at masunurin sa iyo panginoon.***
5- ***Pagiging Masigasig na tao.***
6- ***Pagiging tapat sa Dios at pamumuhay nang may takot sa Panginoon.***
7- ***Ang pagiging isang taong nagtitiwala sa Dios at lubos na umaasa sa Kanya.***
8- ***Ang pagiging isang taong may kakayahang umangkop.***
9- ***Maging mabuting katiwala sa oras, pananalapi at sa mga tao.***
10- ***Pagkakaroon ng kahusayan.***
11- ***Ang pagiging lubos na disiplinado at naninindigan laban sa mga tukso ng seksuwal na imoralidad, pera abusuhin ang kapangyarihan sa mga tao.***

Pahintulatan ang Dios na hubugin ka at kumilos sa iyong buhay. Magpakumbaba sa Kanyang harapan at tanggapin ang lahat ng disiplina, at ang mga pagsubok at ang mga kahirapang na ipinapahintulot Niya sa iyong buhay upang maitatag ka Niya sa paraang magiging matagumpay kang tao.

Magsisi mula sa iyong mga kasalanan. Magsisi sa katamaran, hindi magpapatawad, pagmamataas, kawalang ingat, pagmamayabang, galit, imoralidad, kamunduhan, walang katapatan, at magsisi sa pagiging masama sa paghawak ng iyong salapi at pagsasayang ng salapi. Magsisi sa pang aabuso sa mga tao at hindi maingat na pamahalaan ang mga tao sa kaliwanagan ng Salita ng Dios. Magsisi sa pagiging mapili, matigas ang ulo at hindi handang sumunod sa plano ng Dios para sa iyo.

Ngayon hilingin sa Dios na patawarin ka sa mga kasalanan na ipinagtapat at hiniling mo sa kanya na simulang hubugin ka sa paraang nais Niyang gawin kang tao, na nais Niyang maging ikaw.

Tayo ay manalangin….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ginawang malinaw ang mga bagay sa akin at ipinakita sa akin ang mga bagay na nagdudulot sa akin ng pagkabigo. Panginoon bilang ako'y nagsisi sa aking mga kasalanan, Panginoon hinihiling ko na tulungan mo ako na manumbalik at bumalik sa mabuting plano na mayroon ka para sa akin. Panginoon patnubayan ako at tulungan ako na mamuhay at gawin ang iyong kalooban sa aking buhay. Panginoon bigyan mo ako ng isa pang pagkakataon at panumbalikin ako. Oh Panginoon hayaan ang buhay ni Jose at ang ginawa mo sa kanya ay dumating din sa aking buhay bilang ako'y nagsisisi sa aking mga kasalanan. Ipinangako ko ang aking buhay na maglingkod sa iyo at ipamuhay ang aking buhay para sa iyo. Panginoon bigyan mo ako ng pagpipigil sa sarili, kahinahunan, mahabang pagdurusa, pagibig pagibig, kagandahang loob, kabutihan at pagtitiyaga upang mapagtagumpayan ko ang lahat ng mga tukso at maghintay sa iyo hanggang sa tuparin mo ang iyong mabuting plano para sa akin.*

*Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na mga Lalaki at Babae na nagsisi mula sa kanilang mga kasalanan, na lubos kang kumilos sa kanilang buhay. Panginoon panumbalikin sila at gawing silang mabunga at matagumpay sa kanilang buhay. Panginoon dalangin ko na gamitin silang muli at gawin ang mabuti at matuwid sa iyong paningin.*

*Panginoon dalangin ko para sa mga mahihina sa kanila na bantayan mo sila at tulungan mong magtagumpay at maging matatag sa iyong biyaya, at simulan nilang sundin at ipamuhay ang iyong Salita sa kanilang buhay.*

*Panginoon dalangin ko para sa simbahan na lumago. Dalangin ko na mas maraming pag eevangelio at para sa maraming kaluluwa na aanihin. Panginoon dalangin namin para sa maraming pag aaral ng Bibliya na maitanim. Panginoon dalangin namin na ang ating buhay na patotoo ay maging mabuting patotoo na makaakit sa iba na sumunod sa iyo. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com